

ANG PAGSUSULONG NG PAGKATUTO AY KAIBA SA PAGTUTURO

by:

JOEY R. CABRERA

Master Teacher I, Pagalanggang National High School

Ang pinakamahusay na guro ay may kakayahang magturo sa kanilang mga mag-aaral na umunlad ang kanilang kaalaman at edukasyon.

Sa pag-unlad ng teknolohiya ay nagbabago rin ang paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga guro sa kanilang mga estudyante lalo na sa mga silid-aralan. Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magsaliksik ng napakaraming katotohanan at kaalaman nang mag-isa dahil sa dami ng data na magagamit nila. Maraming estudyante sa ganitong kalakaran ang hindi gaanong pinahahalagahan ang mga pamamaraang ibinabahagi o pagtuturo ng mga guro sa paaralan. Sa ngayon, ang mga guro ay higit na nagsisilbing mga tagapagpaday sa mga kasanayang dapat matamo ng mga mag-aaral. Pero sa patuloy na pagbabago ng panahon, nababago ang kanilang papel upang isama ang pagtuturo sa mga estudyante kung paano maghanap at umunawa ng mga impormasyon, pati na rin kung paano tamasahin ang proseso ng pag-aaral. Maaaring magkaroon ng mga kahirapan ang mga guro bilang resulta, dahil kailangan nilang paunlarin ang kanilang sariling mga angking kasanayan sa paglutas ng problema at pamumuno. Dapat silang maging mas mahusay sa pagsisimula ng mga talakayan at pagtataguyod ng isang kultura na pinahahalagahan ang kooperasyon. Magkakaroon ng pagkakataon ang mga guro na makakuha ng mabilis na feedback kung gaano sila kahusay magturo habang mas aktibo sila sa proseso ng pagkatuto kasama ang kanilang mga estudyante. Habang nagtatrabaho ang klase sa nilalaman at araling pinag-aaralan, magiging malinaw kung gaano nila mahusay na masuportahan at mapalago ang mga talento na ito sa silid-aralan.

Ang bagong metodong ito ay magiging lubos na kapaki-pakinabang para sa mga guro na nais bigyang-diin ang pag-unlad ng mga estudyante kaysa sa simpleng pagbibigay ng kaalaman. Kaya dapat na bigyang impotansya ng bawat isa ang pagkatoto upang maging maalam at mulat sa mga pangyayari nagaganap sa ating bansa.

References:

<https://www.slideshare.net/slideshow/pagtuturo-at-pagkatuto/78825292>

chrome-

extension://kdpelmjpfafjppnhbloffcjpeomlnpah/<https://animorepository.dlsu.edu.ph/cgi/viewcontent.cgi?article=1005&context=malay>

<https://iris.peabody.vanderbilt.edu/tl/module/cnm/cresource/q2/p07/>